# Lahat-sa-Isa (All-in-One) ng TICO na Kasama sa Paglalakbay

**Ikaw ay handa na para umalis.**

Sa pamamagitan ng pag-book ng iyong paglalakbay sa isang ahensiya ng paglalakbay (travel agency) o website na nakarehistro sa TICO, awtomatiko kang nagdaragdag ng proteksiyon ng mamimili sa iyong pamumuhunan sa paglalakbay. At ito ay madali dahil lahat ng mga ahensiya ng paglalakbay at website na nagpapatakbo sa Ontario ay kailangang magparehistro. Iyon ang batas.

Ang TICO ay proteksyon ng mamimili para sa iyong pagbili ng paglalakbay – kapayapaan ng isip para sa lahat ng nagbu-book ng kanilang paglalakbay sa isang ahensiya ng paglalakbay o website na nakarehistro sa TICO.

Saan ka man maglakbay, kapag bumili ka ng paglalakbay mula sa isang ahensiya ng paglalakbay o website na nakarehistro sa TICO, may kaginhawang kang malaman na nariyan ang TICO upang tumulong.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa proteksyon ng mamimili, mga tip sa paglalakbay o kung paano makakatulong ang TICO, bisitahin ang

**www.tico.ca**

tico.ca

55 Standish Court, Suite 460
Mississauga, ON  L5R 4B2
Tel: (905) 624-6241
Fax: (905) 624-8631
Toll: 1-888-451-TICO (8426)
Email: tico@tico.ca

## REGULASYON

### Kinokontrol ng TICO ang industriya ng paglalakbay sa Ontario.

Ang lahat ng mga ahensiya ng paglalakbay, website at tour operator sa Ontario ay dapat na nakarehistro sa TICO at sumusunod sa batas.

Bilang isang mamimili, ikaw ay karapat-dapat sa:

- Makatotohanang pag-aanunsiyo at kasama ang lahat na pagpepresyo
- Pagsisiwalat ng mahalagang impormasyon at wastong pag-invoice
- Kapayapaan ng isip sa pagkaalam na ikaw ay nagbu-book sa isang kinokontrol na negosyo

## PAGSUBAYBAY

### Iniinspeksyon at sinusubaybayan ng TICO ang mga ahensiya ng paglalakbay at mga website ng Ontario.

Tinitiyak ng TICO na sinusunod ng mga ahensya ng paglalakbay, website at tour operator ng Ontario ang mahigpit na mga batas sa proteksyon ng mamimili, at dinidisiplina ang mga hindi sumusunod sa mga patakaran.

## PAGSASAULI NG MGA IBINAYAD

### Isinasauli ng TICO ang pera sa mga serbisyong binayaran mo ngunit hindi natanggap.

Kung bumili ka ng mga serbisyo sa paglalakbay mula sa isang ahensiya ng paglalakbay o website na nakarehistro sa TICO, at hindi mo natanggap ang mga serbisyong iyon dahil sa pagsasara o pagkabangkarote, makakatulong ang TICO.

- Sumasaklaw sa mga ahensya ng paglalakbay, mga website at mga tour operator sa Ontario
- Sumasaklaw sa anumang kompanya ng eroplano o linya ng cruise
- Nagsasauli ng mga ibinayad hanggang sa $5,000 bawat tao
- Sa ilang mga kaso, ang TICO ay mag-uuwi ng mga pasaherong nakahimpil

## MGA REKLAMO

### Tumutulong ang TICO kapag may reklamo ka.

Kung mayroon kang reklamo pagkatapos mag-book sa isang ahensiya ng paglalakbay, website o tour operator na nakarehistro sa TICO, ang TICO ay may proseso ng mga reklamo upang matulungan ka.

Makikipag-ugnayan kami sa iyong ahensya ng paglalakbay, website o tour operator upang makita kung nasunod nang maayos ang mga batas para sa proteksyon ng mamimili.

Bagaman hindi kami maaaring magpataw ng isang kasunduan o kumilos bilang isang tagapamagitan, tinitiyak namin na mayroon kang proseso upang makatulong na malutas ang iyong alalahanin.

## EDUKASYON

### Pinangangasiwaan ng TICO ang mga pamantayan sa edukasyon para sa mga ahente ng paglalakbay sa Ontario

Ang bawat ahente ng paglalakbay na nagtatrabaho para sa isang rehistradong ahensya ng paglalakbay o website na nakarehistro sa TICO ay dapat, ayon sa batas, matugunan ang pamantayan ng kaalaman sa edukasyon tungkol sa kanilang mga obligasyon kapag nagbebenta ng paglalakbay.